# EDUKASYON SA KABILA NG PANDEMYA

*by:*
**Jayvie R. Ablazo**
*Teacher I, Camachile Elementary School*

Ikaw ba'y mulat sa Pandemyang kinakaharap

O salat sa kaalaman kaya't lipuna'y nananatiling niyayakap

Nang virus na nagpabago ng lahat.

Eskwelahan ngayo'y pilay at mabigat.

Di nyo man batid, pasakit na hatid

Di nyo man lubos maisip bukas ay nagpalit

Di nyo man silip, ito'y nakapapatid

Pagkabahala ay gisingin

Sapagkat mag-aaral ay uhaw, salat sa aralin.

Kalusuga'y pagyamanin

Palakasin at patatagin

Virus ay di ka tatangkain

Sarili'y ipinid

Huwag magmagaling

Paaralan ay naghihintay maging guro rin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngayon na ang panahon upang tayo'y magkapit-bisig

Mundo'y iligtas, sikaping maging malakas

Ikaw, ako, tayong lahat

May responsibilidad na pangalagaan at maging ligtas.

Sagipin ang mahinang kabataan

Manatiling malakas ang may-alam

Iligtas ang munting mamamayan

Gawain ay pagnilayan, gampanan.

Ipaunawa sa lahat halaga ng disiplina at kalidad

Pagsunod at pagtalima, sistema ay maliligtas.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Kahandaan sa hinaharap

Sabik na ang lahat

Upang lahat ng nawala magamot at maagapan.

*References:*

N/A